PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 21 NO. 28 SEPTEMBER 5 - 11, 2022 10.00

# P12-M solar-powered irrigation system magpapataas ng ani ng mga magsasaka sa Cavite

Upang mapataas ang produksyon ng high value crops at maiangat ang pamumuhay at kita ng mga magsasaka, nagsagawa ang Department of Agrarian Reform (DAR) sa Cavite, kasama ang inspectorate team mula sa National Irrigation Administration (NIA) ng final inspection sa ipinatayong P12-milyon solar powered irrigation system (SPIS) ng sa Tres Cruses, Tanza and Baliwag Magallanes.


Larawan mula sa Department of Agrarian Reform

Ayon kay Provincial Agrarian Reform Program Officer II (PARPO) James Arthur T. Dubongco, ang SPIS ay malapit ng maipagkaloob sa Tres Cruses ARB Farmers Association Inc., sa Sitio Gugo, Brgy. Tres Cruzes, Tanza at sa Brgy. Baliwag Farmers Association Inc. matatagpuan sa Magallanes.

Sinabi ni Dubongco na maaaring patubigan ng proyekto ang 32 ektarya ng lupang pang-agrikultura na pangunahing pakikinabangan ng dalawampu't apat (24) na kabahayan ng mga agrarian reform beneficiary (ARB) at iba pang mga kalapit na mga magsasaka.

"Matagumpay na natapos ng DAR Provincial Office kasama ang NIA ang final inspection sa dalawang (2) SPIS sa ilalim ng Comprehensive Agrarian Reform Program-Irrigation Component (CARP-IC)," aniya.

Binigyang diin niya na ang pagtatayo ng SPIS ay magsusulong ng pag-unlad at paggamit ng moderno, naaangkop, sulit sa halaga, at ligtas sa kapaligiran na makinarya at kagamitan upang maging produktibo at maayos ang pagsasaka.

Binanggit niya ang pagiging maagap na paggamit ng solar-power irrigation pump upang patubigan ang mga sakahan sa gitna ng pagtaas ng presyo ng gasolina at diesel.

Sinabi ni Dubongco na ang naturang SPIS ay magbibigay-daan upang mapataas ang bilang ng pagtatanim sa pamamagitan ng patuloy na pagbibigay ng napapanahon at maaasahang pangangailangan ng tubig sa irigasyon, lalo na sa mga minsan sa isang taon na pagtatanim o mga lugar na umaasa sa ulan.

Ang SPIS ay isang cost-efficient at climate change adaptive technology na hindi nangangailangan ng paggamit ng gasolina, hindi apektado ng power interruptions, madaling patakbuhin, ligtas sa kapaligiran, angkop para sa malayong watershed at rainfed areas, at nangangailangan lamang ng kaunting pagpapanatili.

Ang SPIS ay ipinatupad sa ilalim ng Climate Resilient Farm Productivity Support Project (CRFPSP) ng DAR na idinisenyo upang matulungan ang ARB organizations (ARBOs) sa mga liblib na lugar para mapatubigan ang kanilang lupang sinasaka upang madagdagan ang kanilang produksyon kahit sa panahon ng tagtuyot. — DAR

# REPORMA PARA SA NURSING PROFESSION SA BANSA ?????

Nagpahayag ng buong suporta si Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. para sa pagpasa ng Philippine Nursing Practice Act, isang panukalang naglalayong pahusayin ang nursing profession sa bansa sa pamamagitan ng mas magandang career prospects at nauugnay na nursing education.

Sa naging talumpati ng Pangulo sa 100th anniversary celebration ng Philippine Nurses Association, binigyang diin rin niya na makikipagtulungan ang kanyang adminstrasyon kasama ang Kongreso sa PNA upang magsagawa ng mga reporma para higit na maprotektahan at mapaunlad ang propesyon ng nars sa Pilipinas.

Ayon sa Pangulo, hangad niya ang pantay na katayuan para sa lahat ng mga nars anuman ang sektor na kanilang pinagtatrabahuan.

Kabilang na dito ang pangangailangang tugunan ang hindi pantay na distribusyon ng mga nars sa iba't ibang lugar sa buong bansa gayundin ang pasilidad sa kalusugan, benepisyo, at seguridad ng panunungkulan para sa mga ito.


Ibinahagi rin ni PBBM na bukas aniya ang kanyang tanggapan para pag-usapan ang mga concerns ng mga nars.


Pinuri naman ni Pangulong Marcos ang mga nars sa kanilang sakripisyo lalo na sa panahon ng kasgasagan ng pandemya at ginarintiya nito na kinikilala ng gobyerno ang kanilang "hard work at sacrifices."

Nakatakda namang magbukas pa ang gobyerno ng maraming slots para sa deployment ng mga nars sa ibang bansa habang nagsusumikap na mapabuti ang mga oportunidad sa loob ng bansa.

Patuloy aniyang makikipagtulungan ang pamahalaan sa PNA para makamit ang layuning maprotektahan at mapabuti ang kapakanan ng mga nars sa bansa.

"With the PNA, boasting a 40,000-strong membership, I believe that together we have the ability, we have the strength to improve our nurses' welfare and build on the Filipino distinction of excellence and competitiveness in the global health community," ani Marcos.







ACCEPTING ADS - 0928-4682788/0922-3648349 * E-mail add: pahayagangkabitenyo@Yahoo.com / pahayagancavite@gmail.com

# ‘Personalized’ text scam, kumakalat

MANILA, Philippines — Nakatakdang magsagawa ng imbestigasyon ang Senate committee on public services kaugnay sa kumakalat na “personalized” text scam kasabay ng pagsusulong na maisabatas ng subscriber identity module (SIM) card re-gistration bill.

Ayon kay Sen. Grace Poe, chairman ng komite na isasagawa ang imbes-tigasyon kasama ang Senate committee on trade, commerce and entrepreneurship sa Miyerkules.

Ito ay bilang tugon sa bagong text scam at matukoy kung paano tutugunan ang ganitong uri ng banta sa cybersecurity.

Paliwanag pa ng Senador, na dahil sa kawalan ng umiiral na batas kaya malayang nakakapanloko ang hackers, spammers at phishers dahil naitatago nila ang kanilang mga pagkaka-kilanlan.

Ang masama pa umano ay mas nagiging mas makabago at sophisticated sila kung saan ang kanilang mga target na scam messages ay nag-lalaman na ng mga pa-ngalan cellphone number ng kanilang bibiktimahin.

Kaya tanong ni Poe saan nila nakuha ang mga personal na im-pormas-yong ito na lubhang nakakaalarma at mapanganib kaya dapat agad masagot itong kanilang mga katanungan at masolusyunan.

Sa ilalim ng Senate Bill No. 99 o ang “Subscriber Identity Module Card Registra-tion Act” na inihain ng mambabatas, inaatasan nito ang lahat ng telcos na kailangang iparehistro ng kanilang sub-scriber ang SIM card bago ang activation at magamit at kapag hindi ito nagawa, ikakansela ang SIM card.

Naniniwala naman si Poe na sakaling maisabatas ang SIM card registration, makalilikha ng mas ligtas at seguradong paggamit ng mobile phone at cyberspace sa bansa.

# Lalawigan ng Laguna, ilang munisipalidad tumanggap ng parangal mula DA-PhilRice

CALAMBA CITY, Laguna (PIA) — Binigyang pagkilala ng Department of Agriculture – Philippine Rice Research Institute (DA-PhilRice) ang Pamahalaang Panlalawigan ng Laguna at Provincial Agriculture Office dahil sa epektibong implementasyon ng Rice Competitive-ness Enhancement Fund (RCEF) Seed and Extension Pro-grams for 2022 Wet Season.




Ayon sa DA-PhilRice, nakamit ng Laguna ang 101% delivery target ng mga binhi sa buong lalawigan.

Pinapurihan din ng ahensya ang Laguna sa pagbibigay nito ng gabay at tulong sa mga munisipalidad upang makapagtala ng 97% kabuuang distribution rate.

Testimoniya aniya ang pagkilala sa naging dedikasyon ng lalawigan upang mapataas ang kamalayan at kita ng mga magsasaka.

Personal na tinanggap ni Governor Ramil Hernandez ang parangal. Pinasalamatan ng gobernador ang DA-PhilRice sa naturang pagkilala, at sinabing patuloy na susuportahan ng pamahalaang panlalawigan ang iba’t-ibang programang magbibigay-benepisyo sa mga magsasaka.

“Sa bawat programa ng pamahalaang panglalawigan, layunin ang sustainability and efficiency sa larangan ng agrikultura, food sufficiency para sa mga mamamayan, at profitability naman para sa mga magsasaka…Ipinakita ng mga lokal na pamahalaan ang kontribusyon sa mga ito sa pamamagitan ng serbisyo ng mga municipal/city ag-ricultural extension workers upang maihatid sa ating mga magsasaka ang kinakailangang interven-tions katulad ng certified seeds sa tulong ng PhilRice Los Baños.”, pahayag ng gobernador.

Bukod sa pamahalaang panlalawigan, nagkamit din ng Special Citation para sa Municipal Level ang mga bayan ng Cavinti, Kalayaan, Liliw, Los Baños, Luisiana, Mabitac, Pagsanjan, Pakil, Pila, Rizal, Sta. Cruz, Sta. Maria, Siniloan, at Victoria; habang nakamit naman ng bayan ng Famy ang Excel-lence Award for Small-Scale Category. — Christopher Hedreyda, PIA4A

# Leptospirosis cases sa 'Pinas lumobo ng 15% ngayon kumpara noong 2021

MANILA, Philippines — Kapansin-pansing dumami ang bilang ng kaso ng nakamamatay na leptospirosis sa Pilipinas ngayon kumpara sa parehong panahon noong 2021 — ito ngayong sunud-sunod ang pag-ulan at mga bagyong pumasok sa bansa.

Ito ang ibinahagi ng Department of Health (DOH) sa kanilang National Leptospirosis Data, Lunes, bagay na sumasaklaw sa datos mula ika-1 ng Enero hanggang ika-20 ng Agosto ngayong taon.

RELATED STORIES

3 patay naiulat dulot ng bagyong 'Florita'; apektado 47,169 katao na

Pinsala sa imprastruktura dulot ng 'Florita' lumobo sa P571 milyon — NDRRMC

'Henry' leaves Luzon mostly untouched

"There were 1,467 leptospirosis cases reported from January 1 to August 20, 2022," sabi ng DOH kanina.

"Cumulatively, cases this year is 15% higher compared to the reported cases during the same period in 2021 (1,278)."

Karaniwang nahahawa nito ang isang tao sa pagpasok ng leptospira bacteria sa mga mga sugat sa tuwing nababasa ito sa tubig baha, taniman, o basang lupa na kontaminado ng ihi ng infected na hayop lalo na ng mga daga.

Karamihan sa leptospirosis cases ay naiulat mula sa:

National Capital Region: 279 (19%)

Cagayan Valley: 174 (12%)

Western Visayas: 174 (12%)

Umabot naman sa 106 cases ang naitala mula ika-24 ng Hulyo hanggang ika-20 ng Agosto. Halos kapareho itong may pinakamataas na kaso maliban sa Region VI:

Metro Manila: 36 (34%)

Cagayan Valley: 12 (11%)

Davao Region: 10 (9%)

"Regions V, VII, VIII, and XI breached the alert and epidemic threshold within the past four morbidity weeks (July 24 to August 20, 2022). However, no clustering was noted nationwide," dagdag pa ng Kagawaran ng Kalusugan.

"Nationally, there were 205 deaths reported (Case Fatality Rate=14.0%)."

Kadalasang may incubation period na pito hanggang 10 araw ang sakit.

Ilan sa mga sintomas nito ay:

lagnat pananakit ng katawan, sakit ng ulo

pamumula ng mata

kidney failure o brain involvement

paninilaw ng katawan

dark-colored na ihi at light stools

kaonting ihi at matinding sakit ng ulo

"If left untreated, lep-tospirosis may cause kidney failure, brain damage, mas-sive internal bleeding, and death," ayon sa hiwalay na pahayag ng DOH.

**EDITOR'S NOTE:** All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003
PAPER.Ph MEMBER

ERNA BALAGTAS ANCHETA
Publisher

DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.
Editor-In-Chief

DIOSAN MARUAL
KCEE NACION
Marketing & Circulation Manager

ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK**
**TRECE MARTIRES CITY**

**BDO UNIBANK, INC.**,
Mortgagee,
-versus-
**FLORENCE V. FRANCISCO AS REPRESENTED BY HIS ATTORNEY IN FACT, FRANCIS V. FRANCISCO,**
Debtor/Mortgagor,
**EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118**
**FORECLOSURE CASE NO. F-459-22**
x----- ------------------------------- - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by Mortgagee, **BDO UNIBANK, INC.,** with business address at 11th Floor, BDO Towers Valero, (formerly Citibank Tower) 8741 Paseo de Roxas, Makati City against the Mortgagors, **FRANCIS V. FRANCISCO , as attorney-in-fact of FLORENCE V. FRANCISCO,** with residence and postal address at #1888 Eureka St., Brgy. La Paz Coryville, Buendia Avenue, Makati City; # 001 E. Tolentino St., San Roque, Cainta, Rizal and Lot 26, Blk. 12, Lessandra, General Trias, Phase 2, Brgy. Santiago, Gen, Trias, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of June 30, 2022 amounts to **ONE MILLION TWO HUNDRED ONE THOUSAND SEVEN HUNDRED FIFTY TWO PESOS & 10/100 (P1,201,752.10)** Philippine Currency, including interest, penalties and other charges as of said date but exclusive of all other expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will set at public auction on **September 22, 2022** at 10:00 o'clock in the morning until 12:00 noon at the main entrance of the Government Center Building located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder for CASH and in Philippine Currency the following described property with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 057-202103911**

**LOT NO**: 26 **BLOCK NO:** 12 **PLAN NO:** PSD-04-227793
**PORTION OF:** LOT 3170-A-2, PSD-04-226673; LRC RECORD NO. 5964
**LOCATION:** BARANGAY OF SANTIAGO, MUNICIPALITY OF GEN. TRIAS PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON

**BOUNDARIES:**

| **LINE** | **DIRECTION** | **ADJOINING LOT(S)** |
|---|---|---|
| 1-2 | SE | LOT 3170-A-1, PSD-04-226673 |
| 2-3 | SW | LOT 27, BLOCK 12, PSD-04-227793 |
| 3-4 | NW | LOT 2582, S. F. D. M. ESTATE (LA PAZ LEGASPI ET AL) NOW PARKLANE SUBD. |
| 4-1 | NE | LOT 25, BLOCK 12, PSD-04-227793 |

**AREA: FIFTY FOUR SQUARE METERS (54), MORE OR LESS**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **October 6, 2022** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances thereon, if any there be.

Trece Martires City, August 19, 2022

**ANDRES B. ESPINA**
Sheriff

Copy Furnished:
**BDO UNIBANK, INC.**
**Risk Management Group-Remedial Management Unit**
11th Floor, BDO Towers Valero, (formerly Citibank Tower)
8741 Paseo de Roxas, Makati City, 0726

**FLORENCE V. FRANCISCO/ FRANCIS V. FRANCISCO**
#1888 Eureka St., Brgy. La Paz Coryville, Buendia Avenue, Makati City
And # 001 E. Tolentino St., San Roque, Cainta, Rizal
and Lot 26, Blk. 12, Lessandra, General Trias, Phase 2, Brgy. Santiago, Gen, Trias, Cavite

**WARNING:** It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra Judicial Sale on or before the date of sale.

**Publication: PAHAYAGAN NG KABITENYO**
**Dates: August 22, 29 & September 5, 2022**

# GUHIT NG KAPALARAN

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Anuman ang gagawin, tiyakin na ligtas ka. Kulang ka sa pakikisalamuha, kaya dapat simulan upang hindi ka layuan ng mga kasamahan. Posibleng may magdamdam sa mi-yembro ng pamilya dahil hindi mo napagtuunan ng atensiyon. Lucky numbers at color for the day ang 14, 15, 25, 41 at peach.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Huwag patulan ang posibleng mangako na kikita ka ng malaki sa kanyang offer. Dahil peke ito at gusto kang lokohin. Lucky numbers at color for the day ang 2, 14, 34, 39 at pink.

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Kahit masakit sa kalooban, panindigan mo ang ginawang desisyon. Malapit ka ngayon sa mga taong negatibo ang isip. Lucky numbers at color for the day ang 3, 9, 19, 44 at brown.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Hindi matutumbasan ng salapi ang kalusugan. Tamang exercise at diet ang pagtuunan ng pansin para sa iyong health. Lucky numbers at color for the day ang 16, 24, 31, 41 at blue.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Kung may lakad o lalakarin, gawin bago sumikat ang araw upang magtagumpay. Sariling sikap ka ngayon. Lucky numbers at color for the day ang 17, 22, 27, 40 at yellow.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Kung may problema, ituring na isang magandang pagkakataon na may matututuhan kang leksiyon. Lucky numbers at color for the day ang 12, 16, 23, 33 at royal blue.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Kung inaakalang tama ka sa iyong gagawin, huwag ng mag-atubili. Gawin kaagad dahil magtatagumpay ka. Lucky numbers at color for the day ang 13, 15, 23, 39 at red.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Isang proyekto ang hahamon sa talino at galing. Makakahagilap ka ng mahahalagang detalye tungkol sa gawain. Lucky numbers atc olro for the day ang 11, 12, 27, 36 at navy blue.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Masaya ka ngayon, ngunit isang malapit sa kalooban ang makadarama ng pagseselos. Lucky numbers at color for the day ang 16, 18, 28, 38 at peach.

GEMINI: (May.21-Hun. 21) Pag-aalala tungkol sa kalusugan ang mamayani ngayon dahil may dinaramdam. Magpahinga kapag pagod na. Lucky numbers at color for the day ang 19, 27, 36, 43 at green.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Gagalangin ka ng kahit bata kung maru-nong kang gumalang sa tamang paraan sa kanila. Huwag maging palalo. Lucky numbers at color for the day ang 8, 16, 29, 40 at cream.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Huwag mag-alala dahil ang problema ay may solusyon kung pagsisikapan. Huwag mabahala, maaayos ang lahat. Lucky numbers at color for the day ang 2, 5, 39, 42 at fuchsia.

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**BRANCH 4-FC**
**CITY OF IMUS, CAVITE**

**NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION,**
Mortgagee/Assignee,
-versus-
**JEFFERSON M. BLANCAS married to PRECIOSA D. BLANCAS,**
Mortgagors.
**EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118**
**FC Case No. 17396-22**
X- --------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **MORTGAGE FINANCE CORPORATION (NHMFC),** mortgagee, with principal place of business at 104 Amorsolo St., Legaspi Village, Makati City, against **JEFFERSON M. BLANCAS married to PRECIOSA D. BLANCAS**, mortgagors, with residential and postal address at Bahayang Pag-Asa Subd., Ph. 12 Lot 9 & 10 Blk 2, Imus, Cavite and/or 519 H. Ventura St., Sampaloc, Manila, to satisfy the mortgage indebtedness of June 30, 2022 amounts to **ONE MILLION SEVEN HUNDRED THIRTY FIVE THOUSAND THREE HUNDRED THIRTY FIVE PESOS AND 61/100 (Php1,735,335.61)**, Philippine Currency, excluding interest, penalties, attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned will sell at public auction on **September 27, 2022 at 10:00** o'clock in the morning or soon thereafter at the main entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC-Imus Hall of Justice, Aguinaldo Highway, Imus City, Cavite to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the with all improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-548160**

"A parcel of land (Lot 9 Blk. 2 of the subd. plan, Psd-042109-063374, being a portion of Lot 5611-B, Psd-04-037420, L.R.C. Rec. No. ), situated in the Bo. of Pasong Buaya, Mun. of Imus, Prov. of Cavite. Bounded on the SW., along line 1-2 by Lot 5616, Imus Estate; on the NW., along line 2-3 by Lot 8 Blk. 2; on the NE., along line 3-4 by Road 2; and on the SE ., along line 4-1 by Lot 10, Blk. 2, all of the subd. plan. **x x x containing an area of FORTY THREE (43) SQ. METERS. xxx"**

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-548161**

"A parcel of land (Lot 10 Blk. 2 of the subd. plan, Psd-042109-063374, being a portion of Lot 5611-B, Psd-04-037420, L.R.C. Rec. No. ), situated in the Bo. of Pasong Buaya, Mun. of Imus, Prov. of Cavite. Bounded on the NW., along line 1-2 by Lot 9, Blk. 2; on the NE., along line 2-3 by Road 2; on the SE., along line 3-4 by Lot 11, Blk. 2, all of the subd. plan and on the SW., along line 4-1 by Lot 5616, Imus Estate. **x x x containing an area of FORTY FOUR (44) SQ. METERS. xxx"**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **October 4, 2022** at 10:00 o'clock in the morning without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance therein if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, July 5, 2022

**EMMANUELLE H. FRANCISCO**
Sheriff IV

APPROVED
**ARMIE A. FRANCISCO**
Clerk of Court VI

COPY FURNISHED:
**NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION**
104 Amorsolo St., Legaspi Village, Makati City
**JEFFERSON M. BLANCAS married to PRECIOSA D. BLANCAS**
Bahayang Pag-Asa Subd., Ph. 12 Lot 9 & 10 Blk -2, Imus, Cavite and/or 519 H. Ventura St., Sampaloc, Manila

**WARNING:** It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra Judicial Sale on or before the date of sale.

**Publication: PAHAYAGAN NG KABITENYO**
**Dates: August 22, 29 & September 5, 2022**

# PAF nagsagawa ng 'Outreach Activity' para sa ilang mga komunidad sa Batangas

Sa pagnanais na makapagpahatid ng tulong at suporta sa mga komunidad, nagsagawa ang Air Education, Training and Doctrine Command o AETDC ng Philippine Air Force o PAF katuwang ang Gardenia Philippines ng malawakang 'Community Outreach Program' kamakailan para sa iba't-ibang sektor sa lalawigan ng Batangas.

Ayon kay AETDC Civil-Military Operations Non-Commissioned Officer In-Charge, Technical Sergeant Gerald Guce, bahagi ito ng tuloy-tuloy na Civil Affairs programs ng naturang Command para makatulong sa mga komunidad na apektado dahil pa rin sa epekto ng pandemiya at maging ang pagtaas ng presyo ng langis.







Aniya malaking katuwang dito ang Gardenia Philippines na nag-bahagi ng 500 na tinapay para sa mga benipisyaryo ng naturang programa.

Ayon naman kay Reggie Lerpido, Customer Relations Officer ng Gardenia, bahagi rin ito ng malasakit ng kanilang kumpanya sa mga nangangailangan sa ilalim ng kanilang Corporate Social Responsibility o CSR.


Kabilang naman sa mga naging benepisyaryo ng naturang aktibidad ang mga estudyante ng Sico Elementary School kasama ang kanilang mga magulang, mga nasa transport groups at maging ang mga nasa security sector gaya ng pulis at mga barangay tanod.

Nagpasalamat naman ang mga ito sa programa na isinagawa ng PAF katuwang ang suporta ng Gardenia Philippines. (AW Cherie Flores PAF)




PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 21 NO. 28 SEPTEMBER 5 - 11, 2022 10.00

# Dagdag benepisyo para sa mga solo parents




Ikaw ba ay solo parent? Narito ang ilan sa mga dapat mong asahan sa pagpapatupad ng Republic Act No. 11861, o ang Expanded Solo Parent Welfare Act.

Sa ngayon, pinabibilis na ni Secretary Erwin Tulfo ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) ang pagbuo sa Implementing Rules and Regulations ng batas para matamasa na ng mga benepisyaryo ang mga pribilehiyong nakapaloob dito.